


# Filipino

Ikaapat na Markahan–Modyul 5:  
Nagagamit ang Magagalang na  
Pananalita sa Iba't ibang  
Sitwasyon; Pagbibigay ng puna

sa *Editorial Cartoon*

Nakaguguhit ng Sariling  
*Editorial Cartoon*



**Filipino – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 5 – Nagagamit ang Magagalang na Pananalita sa  
Iba’t ibang Sitwasyon; Pagbibigay ng puna sa *Editorial Cartoon*; Nakaguguhit  
ng Sariling *Editorial Cartoon*  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Manunulat:</b>	Joy V. Tibi	Rodrigo G. Embestro
<b>Editors:</b>	Laila C. Namoro	Ma. Theresa I. Cortez
<b>Tagasuri:</b>	Rechie O. Salcedo	
<b>Tagaguhit:</b>		
<b>Tagalapat:</b>	Jerome B. Reynes	
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao
	Grace U. Rabelas	Ma. Leilani R. Lorico
	Nora J. Laguda	Jerson V. Toralde
	Belen B. Pili	Rechie O. Salcedo

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikatlong Markahan – Modyul 5**  
**Nagagamit ang Magagalang na**  
**Pananalita sa Iba’t ibang**  
**Sitwasyon; Pagbibigay ng puna**  
**sa *Editorial Cartoon***  
**Nakaguguhit ng Sariling**  
***Editorial Cartoon***

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




## **Alamin**

Isang mapagpala at magandang araw sa iyo.

Kumusta?

Mahilig ka bang magbasa ng pahayagan at hanapin ang *editorial cartoon*? Ano ang iyong nararamdaman kapag nakikita mo ang mga ito? Magaling! Dahil isa nanamang mahalagang aralin ang ating pag-aaralan sa modyul na ito. Iba't ibang pagsasanay ang inihanda upang makatulong sa iyong kasanayan sa pagbibigay ng puna gamit ang magagalang na pananalita isang *editorial cartoon* at magkaroon ng malawak na imahinasyon sa pagguhit mo ng sariling *editorial cartoon*.

Huwag kang mag-alala, sasamahan kitang tapusin at lakbayin ang mga bagong aralin.



Sa modyul na ito, inaasahan na:

1. Nagagamit ang Magagalang na Pananalita sa Iba't ibang Sitwasyon; Pagbibigay ng puna sa *Editorial Cartoon*. (F4PS-IVe-12.18)
2. Nakaguguhit ka ng sariling *editorial cartoon*. (F4PU-IVe-3)





## Subukin

Ano ang alam mo na tungkol sa *editorial cartoon*? Kaya mo bang magbigay ng puna at gumuhit ng *editorial cartoon*?

Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

**A. Panuto:** Pag-aralan nang mabuti ang *editorial cartoon* na nasa ibaba. Ano ang masasabi mo rito? Magbigay ng limang puna tungkol dito gamit ang magagalang na pananalita. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**B. Panuto:** Gumuhit ng sariling *Editorial Cartoon* tungkol sa paksang: “Ang Hagupit ng *COVID-19*”.



Gamitin mo ang rubriks para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong tagapag-alaga.

### Rubriks sa Pagguhit ng *Editorial Cartoon*

<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
<b>Nilalaman:</b> Akma ang iginuhit na <i>editorial cartoon</i> sa paksa.					
<b>Simbolong Ginamit:</b> Maayos at madaling maintindihan ang mga simbolong ginamit sa pagguhit. Bawat simbolong ginamit ay may kahulugan.					
<b>Kaayusan sa Pagguhit at Pagkamalikhain</b> Malinis ang pagkakagawa, nakikita ang ekspresyon ng mukha, damdamin, galaw at tamang shading nito. May orihinal na istilo sa pagguhit.					
<b>Pagpapaliwanag at Pagbibigay ng Kahulugan</b> Limitado lamang ang mga salita o label sa pagbibigay ng kahulugan sa larawan, at tama ang baybay ng mga salitang ginamit.					
<b>Kalinisan at Anyo ng Gawa</b> Kaakit-akit ang nagawang disenyo at <i>lay out</i> .					

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 17** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

10-9 tamang sagot – NAPAKAHUSAY

8-6 tamang Sagot – MAGALING

1-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA

0 tamang sagot – KAYA MO ‘YAN





## **Balikan**

*Magbalik-aral ka.*

Muli nating subukin ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tinalakay noong nakaraan aralin. Tara! Sagutin mo na ang pagsasanay sa ibaba.

**Panuto:** Basahin at unawain ang anunsiyo sa ibaba. Sumulat ng isang balangkas o dayagram mula sa mga impormasyong nakalap.

Ang samahan ng mga mag-aaral sa Paaralang Sentral ng Iriga ay magsasagawa po ng *clean up drive*. Ito po ay gaganapin sa ika- 12 ng Marso 2019. Layunin ng samahan na maging malinis at maganda ang paaralan para po sa nalalapit na ebalwasyon sa Marso 18, 2019.

Lahat ng kasapi sa nasabing samahan ay inaasahang makikiisa para sa pagtataguyod ng mga layunin ng paaralan.

### **Anunsiyo mula sa Paaralang Sentral ng Iriga**

- I. (Ano)      -- \_\_\_\_\_
- II. (Sino)    -- \_\_\_\_\_
- III. (Kailan) -- \_\_\_\_\_
- IV. (Bakit)  -- \_\_\_\_\_

Mahusay! Batid kong napansin mo rin ang mga magagalang na pananalitang ginamit sa talata sa pagbibigay ng impormasyon. Ang salitang **po**.

Ngayon naman, pag-aaralan natin sa modyul na ito ang tungkol sa pagbibigay ng puna sa isang *editorial cartooning* gamit ang magagalang na pananalita.

Tara, simulan na natin ang bagong paksa!

Basahin ang isang maikling diyalogo na nasa ibaba.








## Tuklasin

Masdan ninyo ang *editorial cartoon*. Ano ang inyong masasabi o puna sa larawang ito?



ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School

Ipinapahiwatig **po** ng larawan ang tamang pagtapon ng mga basura. Dapat gamitin **po** natin ang basurahan.

Tama lang **po** na gamitin natin ang basurahan upang mabawasan ang basurang nakakalat sa ating paligid na nagdudulot ng suliranin sa ating kapaligiran.

Kaya **po** bilang kabataan kailangan **po** nating sundin at pangalagaan ang ating kalikasan at suportahan **po** natin ang panawagang itapon nang tama ang ating basura.



Tingnan muli ang bawat usapan.  
Sagutin ang mga tanong tungkol dito.

1. Ano-ano ang pinag-uusapan ng guro at mag-aaral?
2. Itinatapon mo ba ng tama ang iyong basura?
3. Bakit kailangan natin itong itapon nang tama?
4. Sa iyong palagay, ano ang maaaring maidulot ng maling pagtapon ng basura?
5. Ano ang iyong napuna sa *editorial cartoon*?



Ang galing! Nasagot mo nang maayos ang mga tanong tungkol sa usapan.

Ang susunod nating gawain ay makatutulong na mas mapalalim ang iyong kaalaman tungkol sa kung papaano magbigay ng puna at pagguhit ng *editorial cartoon*.



### ***Suriin***

Balikan ang usapan sa bahaging tuklasin. Ano-ano ang magagalang na pananalita ang ginamit sa diyalogo habang nagbibigay ng puna sa kartung pang-editorial? Bilugan mo nga ang ginamit na magagalang na pananalita sa mga pahayag.

“Ipinapahiwatig **po** ng larawan ang tamang pagtapon ng mga basura. Dapat gamitin **po** natin ang basurahan”.

“Tama lang **po** na gamitin natin ang basurahan upang mabawasan ang basura sa ating paligid na nagdudulot ng suliranin sa ating kapaligiran”.

“Kaya **po** bilang kabataan kailangan **po** nating alagaan ang ating kalikasan at suportahan **po** natin ang panawagang itapon nang tama ang ating basura”.

Ang galing! Masarap pakinggan kung ginagamit natin sa pagbibigay ng puna ang magagalang na pananalita.

### **Tandaan Mo...**

Ano ang *Editorial Cartoon*?

Ang **Editorial Cartoon** ay larawang guhit-kamay ng isang *political cartoon* na nakabatay sa isang isyu, isang opinion, o isang pangyayaring napapanahon. Ito ay karaniwang gumagamit ng paraang *caricature* kung saan ay inilalagay na nakakatawa ang isang pangyayari/sitwasyon.

**Ang puna ay komento.** Ito ay nakakatulong para mapaunlad o mapagbuti ang isang gawain, proyekto o pamumuhay.

### **Sa pagbibigay ng puna dapat nating tandaan ang sumusunod na tuntunin:**

1. Hindi nagbibigay ng pintas para lamang masabing marunong o magaling.
2. Maging tapat o makatotohanan sa **pagbibigay ng puna.**
3. Ipahayag nang may paggalang ang mga pagsang-ayon at pagsalungat.
4. Papurihan ang mga mahuhusay na puntos.
5. Maglahad ng mga mungkahi kung paano mapauunlad o mapabubuti ang gawain.

Alam kong naunawaan mo na kung paano mabisang makapagbibigay ng puna sa isang nakaguhit na larawan o *editorial cartoon*. Kaya tara na! Magsanay ka pa!

Masdan at pag-aralan ang *Editorial Cartoon*. Ano-ano ang magagalang na puna ang sasabihin mo tungkol sa larawan? Ibahagi mo ito sa iyong magulang o kamag-anak na kasama sa bahay.



ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School, Tomo II Blg. 1



Magaling! Alam kong magagawa mo ito nang maayos. Ngayon, pag-aaralan naman natin kung papaano gumuhit ng isang *editorial cartoon*. Tara simulan na natin.

### **Mga hakbang sa paglikha ng Kartung Pang-Editoryal:**

1. Pagpili ng Paksa
2. Pag-iisip ng Konsepto
3. Pagguhit ng konsepto
4. Pagguhit ng *Final* na anyo ng kartun

### **Mga Dapat Tandaan sa Paggawa ng *Editorial Cartoon*:**

- ✓ Gumamit ng mga simbolong madaling maintindihan ng mga mambabasa.

*Halimbawa:*

Larawan ng  
Salakot

Kalayaan, kapayapaan, demokrasya  
Juan Dela Cruz, mamamayang Pilipino,  
Ordinaryong Pilipino

Larawan ng lapis, pluma, pahayagan

Karapatan sa pamamahayag

Larawan ng buwaya

Paninikil sa kalayaan, pang-aapi, pang-aalipin

- ✓ Kung maaari, limitahan lamang ang iguguhit hanggang tatlong simbolo o ilustrasyon (*primary, secondary, tertiary elements*).
- ✓ Ang ekspresyon ng mukha, damdamin, galaw, at *shadings* ay dapat na bigyan ng pansin.
- ✓ Limitahan o iwasan ang paggamit ng mga salita o *labels*.
- ✓ Isulong ang iyong sariling istilo ng pagguhit.

***Mahusay!*** Ano ang napansin mo sa pabibigay ng puna at pagguhit ng *editorial*?

Gumamit ka ng magagalang na salita at may mga simbolo na ginagamit sa pagguhit, 'di po ba?






## Pagyamanin

Ipagpatuloy ang pagsasanay

- A. Panuto:** Piliin ang angkop na puna sa Hanay B tungkol sa *Editorial Cartoon* na nasa Hanay A. Isulat ang titik ng iyong sagot sa patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### Hanay A

\_\_\_1.



\_\_\_2.



\_\_\_3.



### Hanay B

- A.** Kailangan pong magsiyasat muna bago magbigay ng reaksiyon at gamitin po ng tama ang *social media platforms*.

- B.** Ang Proyektong *Build, Build, Build* ay nakatutulong po sa pagpapalago ng ating ekonomiya.

- C.** Ang larawang pong ito ay nagpapahayag ng pagiging matatag ng mga Pilipino sa anumang hamon na pinagdadaanan.

Ang mga *editorial cartoon* hango sa: ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School, Tomo III Blg. 1



**B. Panuto:** Masdan at pag-aralan ang *Editorial Cartoon*. Sumulat ng tatlong puna tungkol sa larawan gamit ang magagalang na pananalita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School, Tomo II Blg. 1

- 4. \_\_\_\_\_
- 5. \_\_\_\_\_
- 6. \_\_\_\_\_

**C. Panuto:** Iguhit ang sumusunod na simbolong ginagamit sa pagguhit ng *Editorial Cartoon*. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

7. alon/*waves*




8. COVID-19



9. edukasyon



10. kadena



**D. Panuto:** Gumuhit ng sariling *Editorial Cartoon* tungkol sa paksang: **“Ang Edukasyon sa Panahon ng Pandemya”**. Gamitin mo ang rubriks na nasa **pahina 3** para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.  
Saang pagsasanay ka nahirapan? \_\_\_ Pagsasanay A, \_\_\_  
Pagsasanay B, \_\_\_\_\_ Pagsasanay C, \_\_\_\_\_ Pagsasanay D. ?

Gayunpaman, binabati kita sa iyong tagumpay. Iwasto ang iyong sagot sa **pahina 17**.



### **Isaisip**

*Isiping mabuti...*

Sa bahaging ito isusulat mo ang iyong natutuhan. Dugtungan ng isang pahayag o paliwanag bakit ito ay mahalagang matutuhan.

1. Sa pagbibigay ng puna sa *Editorial Cartoon* ay gumagamit tayo ng \_\_\_\_\_ na salita.

2. Mahalaga ang pagiging magalang sa pagbibigay ng puna upang \_\_\_\_\_.



3. Ang 4 na hakbang sa paglikha ng kartung Pang-Editoryal ay:

a. \_\_\_\_\_

c. \_\_\_\_\_

b. \_\_\_\_\_

d. \_\_\_\_\_




## Isagawa


**Panuto:** Sumulat ng magagalang na puna tungkol sa *Editorial Cartoon* na iyong nakikita sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa *Graphic Organizer*.



ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School, Tomo 1 Blg. 1



**B. Panuto:** Pagmasdan mo ang iyong lugar o barangay. Gumuhit ka ng isang *editorial cartoon* na naglalarawan nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Gamitin mo ang rubriks na nasa **pahina 3** para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.



## **Tayahin**

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagbibigay paggamit ng magagalang na salita sa pagbibigay puna sa *editorial cartoon*?

**A. Panuto:** Tingnan at pag-aralan nang mabuti ang *editorial cartoon* na nasa ibaba. Isulat ang iyong puna tungkol dito gamit ang magagalang na pananalita. Gawin iton sa itong sagutang papel.



ANG BUKAL, Opisyal na Pahayagan ng Iriga Central School, Tomo III Blg. 1

Gamitin ang rubriks sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

**Rubrik Para sa Pagbigay ng Puna sa *Editorial Cartoon***

5	Napakalinaw na naibigay ang puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
4	Malinaw ang pagkabigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
3	Medyo malinaw ang pagkabigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> gamit ang magagalang na pananalita.
2	Di gaanong malinaw ang pagkabigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> at hindi masyadong nagamit ang magagalang na pananalita.
1	Hindi malinaw ang pagkabigay ng puna tungkol sa <i>editorial cartoon</i> at hindi ginamit ang magagalang na pananalita.

**B. Panuto:** Gumuhit ng sariling *Editorial Cartoon* tungkol sa paksang “Ang Pamahalaan sa Pagsugpo ng COVID-19”

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina \_\_\_\_.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?





## Karagdagang Gawain

Para hindi mo makalimutan, magsanay ka pa sa paggamit ng magagalang na salita sa pagpuna at pagguhit ng *Editorial Cartoon*.

**A. Panuto:** Sumulat ng magagalang na puna tungkol sa *Editorial Cartoon* na nasa ibaba. Isulat ang iyong puna sa sagutang papel.



“Sibol”. Hunyo - Octubre 2018. Iriga City: Mataas na Paaralan ng Zeferino Arroyo.

Mga Puna tungkol sa *Editorial Cartoon*.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**C. Panuto:** Gumuhit ng sariling *Editorial Cartoon* tungkol sa paksang: **“Ang Kabataan sa Hamon ng Kasalukuyan”**

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.





## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.1. Ang *Corona Virus* po ay nakakatatat na sakit.

2. Maraming mamayang Filipino po ang naghirap dahil sa pandemya.

3. Maaari po siyang magkasakit ng COVID dahil wala siyang *face mask*.

4. Huwag maging *kampanante* sa paglabas ng bahay dahil po maaari mahawaan ng sakit na ito.

5. Mabilis ang pagkalat ng *virus* sa ating bansa.

(Tanggapin ang iba pang sagot.)

B. Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 3.

**Tuklasin**

1. Tamang pagtapon ng basura.
2. Opo
3. Upang maiwasan ang anumang problema maaaring maidulot nito sa ating kapaligiran.
4. Maaari itong magdulot ng pagbaha, magdala ng iba't ibang uri ng sakit at pagbaho ng hangin.
5. Ipinahihiwatig po ng *editorial cartoon* na hinihikayat ang mga bata na tulad ko na dapat sundin ang panawagan na itapon ng tama ang mga basura.

(Tanggapin ang iba pang sagot).

**Balikin**

I. *Clean up Drive*

II. Samahan ng mga mag-aaral sa Paaralang Sentral ng Iriga.

III. Ika-2 ng Marso 2019

IV. Maging malinis at maganda ang paaralan para sa nalalapit na ebalwasyon.

**Isaisip**

1. Magagalang
2. Maipahayag nang may paggalang ang mga *pagasang-ayon* maging sa pagsalungat sa paglalahad ng mungkahit tungkol sa isyu o *editorial cartoon*.
3. a. Pagpiling Paksa c. Pagguhit ng konsepto b. Pag-isip ng konsepto d. Pagguhit ng *pinal* na anyo ng kartun

**Pagyanin**

A.1.C 2.A 3.B

B.

4. Ang pagiging mabuting lider ay taglay po ang pagiging tapat.
5. Ang pagiging mabuting lider ay maging modelo po sa mga kabataang tulad ko.
6. Ang pagiging lider ay gumagawa po ng tama para po sa magandang pamamahala.

(Tanggapin pa ang ibang sagot.)

C.

7. larawan ng alon
8. larawan ng COVID 19 (*virus*)
9. larawan ng *torch*/lapis
10. larawan ng kadena

D. Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 3.

**Isagawa**

1. Kailangan pong isaisip at isapuso ang pagiging isports sa anumang laro.
2. Bilang manlalaro kailangan pong maging positibo sa anumang pagsubok.
3. Sa anumang laro, *kailangan* mo pong maging matatag upang maabot ang tagumpay.
4. Ang pagkapanalo sa anumang laro ay pinaghahandaan po ito nang matinding *pag-eensayo*.
5. Maaabot ang tagumpay sa larangan ng isports kung taglay mo po ang pagiging disiplinado at determinado na manlalaro. (Tanggapin ang ibang sagot)

B. Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 3.

## Tayahin

- A. Iwawasto gamit ang rubriks nasa pahina 14.
- B. Iwawasto gamit ang rubriks nasa pahina 3.

## Karagandang Gawain

A

- 1. Magkakaroon po ng bagong pag-asa ang mga tao sa probinsya.
- 2. Ang mga gustong bumalik sa probinsya ay libre pong makauwi.
- 3. Maraming galing po sa probinsya ang naghihirap lamang sa siyudad.
- 4. Makikita pong muli ng mga magbabalik-probinsya ang kanilang pamilya.
- 5. Maaring hindi pa rin po umunlad ang pamumuhay ng mga magbabalik-probinsya (Tanggapin pa ang ibang sagot)
- B. Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 3

## **Sanggunian:**

Cruz, G. (2009). *Haraya Pagbasa At Wika 6*. 1st ed. Sta. Ana, Manila: Innovative Educational Materials, Inc.

May-akda. (Taon). *Ang Bagong Pamahayagan Sa Filipino*. 2nd ed. Mandaluyong City: National Bookstore.

May-akda. (Taon). *Cartooning*, TST JournSem. (2012). San Ildefonso, Bulacan. <https://www.slideshare.net/ronelcana>

San Jose E., (2015), Paglikha ng Kartung Pang-Editorial, Agosto 27, 2015, retrieved from [https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.scribd.com/doc/276487850/PAGLIKHA-NG-KARTUNG-PANG-EDITORIAL-docx&ved=2ahUKEwiAhGlx\\_HpAhVSIIgKHVukDIUQFjAZegQIARAB&usg=AOvVaw1i4ncacUkmAa6JB5wwRQFX](https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.scribd.com/doc/276487850/PAGLIKHA-NG-KARTUNG-PANG-EDITORIAL-docx&ved=2ahUKEwiAhGlx_HpAhVSIIgKHVukDIUQFjAZegQIARAB&usg=AOvVaw1i4ncacUkmAa6JB5wwRQFX)

Mangyaring ayusin ang sanggunian. Ilagay ang wastong *publishing house* at mga may-akda ng artikulo at aklat. Ayusin ito base sa tamang *APA format*. *Alphabetical* ang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

### **WEBSITE**

Author, A. (Year of Publication). *Title of Document*. Retrieved date, from name of website, <http://web address>

### **AKLAT**

Author, A. (Year of Publication). *Title*. Location: Publisher

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)